San Francisco Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

# Mga Panukalang Rate sa Tubig at Sewer para sa mga Taong Piskal na Magtatapos sa 2024–2026

Araw-araw, ang Komisyon para sa mga Pampublikong Utility ng San Francisco (San Francisco Public Utilities Commission, SFPUC) ay gumagawa ng malinis na enerhiya, naghahatid ng de-kalidad na tubig sa 2.7 milyong kustomer sa Bay Area, at pinoprotektahan ang kalikasan at pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng paglilinis ng maruming tubig at tubig-ulan para sa mga residente at negosyo sa San Francisco. Halos eksklusibong pinopondohan ang aming gawain ng mga rate na binabayaran ng mga kustomer. Gumagana ang aming mga sistema sa loob ng 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo. Isa kaming not-for-profit na pampublikong utility na may mga rate na nagpapakita sa totoong gastos sa pagpapatakbo, pagpapanatili, at pag-a-upgrade ng amin mga sistema ng patubig at sewer. Para ipagpatuloy ang paghahatid ng mga serbisyo na inaasahan ng mga taga-San Francisco, ipinapanukala ng SFPUC ang pagtataas ng bayad sa tubig at sewer, na magkakabisa sa Hulyo 1, 2023.

### Babayaran ng mga Rate Ninyo ang:

- 24/7 na Pagpapatakbo
- Regular na Pagpapanatili at Mga Pang-emergency na Pagkukumpuni
- Mga Pagpapahusay ng Imprastruktura
- Paghahatid at Paglilinis
- Pagsubaybay sa Kalikasan
- Pamamahala ng Watershed at Lupa
- Mga Programa ng Komunidad

## Mga Pinupuntahan ng mga Dolyar Ninyo

Mahalaga sa pampublikong kalusugan ang mga sistema ng patubig at sewer. Nakatuon ang SFPUC sa pagbibigay sa mga kustomer ng ligtas, maaasahan, at abot-kayang inuming tubig at pinagsamang sistema ng sewer na binabawasan ang pagbaha at pinoprotektahan ang kalikasan mula sa polusyon. Nangangailangan ang mga sistemang ito ng tuloy-tuloy na pagpapanatili at mga upgrade. Maraming bahagi ng sistema ng patubig ng SFPUC ang halos 100 taon na, at ang mga pinakalumang bahagi ng sistema ng sewer ay nagawa noon pang Gold Rush. Kailangan nating ipagpatuloy ang pagpapanatili at pag-upgrade ng mga nalulumang sistema para iwasan ang mga pagkasira, makatugon sa mga kinakailangan sa regulasyon, mapahusay ang seismic na kaligtasan, at makaangkop sa mga bagyo habang nagbabago ang klima. Ginagamit ang ibinabayad ninyong dolyar sa mahahalagang serbisyo at proyekto na pinoprotektahan ang pampublikong kalusugan.

## Ang Ating Pampublikong Proseso sa Pagtatakda ng Rate

Nakatuon ang SFPUC sa isang transparent na pampublikong proseso sa pagtatakda ng rate batay sa mga prinsipyong itinakda ng aming Patakaran sa Kasiguruhan para sa Nagbabayad ng Rate. Gaya ng kinakailangan sa Charter ng San Francisco, isang hiwalay na rate consultant ang nagsagawa ng isang pag-aaral kaugnay ng cost-of-service. Ang mga resulta ng pag-aaral sa rate na ito ang naging batayan para sa aming panukalang rate na dadaan sa matinding proseso ng pag-apruba ng publiko. Kasama sa prosesong iyon ang Lupon sa Pagiging Makatuwiran ng Rate (Rate Fairness Board), na binubuo ng mga kustomer at iba pang itinalaga ng SFPUC. Ang Lupon sa Pagiging Makatuwiran ng Rate ay nagsasagawa ng mga pampublikong pagpupulong at nagbibigay ng mga rekomendasyon para matiyak ang pagiging abot-kaya, katatagan, at pagiging makatuwiran nito.

Puwedeng magbigay ng mga komento ang mga interesadong kustomer at iba pang partido tungkol sa mga ipinanukalang rate sa mga pagdinig ng Lupon sa Pagiging Makatuwiran at ng Komisyon. Para matuto pa tungkol sa aming package ng mga rate, proseso sa pagtatakda ng rate, at mga paparating na pagpupulong, pumunta sa **sfpuc.org/2023Rates**.

## Iskedyul ng mga Panukalang Rate

Ipinapanukala ng SFPUC ang pag-update sa istruktura ng rate ng sewer at pag-update sa mga rate ng tubig at sewer, na magkakabisa sa Hulyo 1, 2023. Nililinis ng pinagsamang sistema ng sewer ng SFPUC ang maruming tubig at tubig-ulan. Hahatiin ng bagong istruktura ng rate ang bahagi ng sewer sa mga bill sa dalawang bahagi: bahaging para sa maruming tubig at bahaging para sa tubig-ulan. Hindi babaguhin ng bagong istrukturang ito ang kabuuang halaga ng kitang kinokolekta ng SFPUC, pero siyentipiko at makatuwirang naglalaan ng mga kasalukuyang gastos sa pamamahala ng maruming tubig sa mga nagbabayad ng rate. Paunti-unting ipapatupad ang bagong istrukturang ito sa loob ng mahigit pitong taon.

Kinakatawan ng bagong ipinanukalang iskedyul ng rate ang average na buwanang pagtaas ng bill na $12.69 kada taon para sa average na residensyal na sambahayan na may isang pamilya sa San Francisco (tinatayang 8.3% kada taon).

Inilalarawan ng mga sumusunod na seksyon ang mga bahagi ng bill na ito para sa mga residensyal at hindi residensyal na kustomer. May mga halimbawa ang aming website ng isang average na buwanang bill ng isang pamilya, pati na rin isang bill calculator kung saan kayo puwedeng gumawa ng mga personalized na pagtataya ng bill. Pumunta sa **sfpuc.org/2023Rates** para sa bill calculator at iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon.

Naglalaman ang bill ng dalawang pangunahing elemento: mga fixed na singil na sumasaklaw sa mga nakabahaging gastos na nauugnay sa lahat ng kustomer at mga rate ng volume batay sa dami ng tubig na ginamit o naipong maruming tubig.

## Mga Buwanang Fixed na Singil

Hindi nagbabago ang mga singil para sa serbisyo kada buwan, gaano man karami ang nakonsumong tubig.

**Magkakaiba ang mga singil sa serbisyo ng tubig** batay sa laki ng metro. Pinupunan ng mga singil sa serbisyo ng tubig ang mga fixed na gastos gaya ng customer service at billing, pagpapanatili ng mga metro ng tubig, at mga pasilidad na ginamit para magkapag-supply ng tubig para sa proteksyon laban sa sunog na pinakikinabangan ng lahat ng kustomer ng SFPUC.

**Magkakapareho ang mga singil sa serbisyo ng sewer** para sa lahat ng kustomer ng sewer. Pinupunan ng mga singil sa serbisyo ng sewer ang bahagi ng mga fixed na gastusin na nauugnay sa serbisyo at billing ng kustomer, na magkakapareho sa lahat ng kustomer ng SFPUC.

**Susuriin ang mga singil sa serbisyo ng tubig-ulan** sa isang may tatlong tier na istruktura para sa mga residensyal na kustomer, batay sa kabuuang laki ng lupa ng assessor, kung saan sinisingil nang mas mababang rate ang maliit na lupa na unti-unting tataas para sa malalaking lupa. Sisingilin ang mga hindi residensyal, may magkakaibang gamit, at malalaking residensyal na lupa (mahigit sa 6,000 square

| Mga Panukalang Rate ng Tubig | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Kasalukuyan | Ipinapanukala | | |
| | FYE 2023 | FYE 2024 | FYE 2025 | FYE 2026 |
| **Buwanang Singil sa Serbisyo - Tubig (batay sa laki ng metro)** | | | | |
| 5/8 in. | $15.17 | $16.64 | $17.48 | $18.36 |
| 3/4 in. | $19.43 | $21.13 | $22.19 | $23.30 |
| 1 in. | $27.95 | $30.11 | $31.62 | $33.21 |
| 1-1/2 in. | $49.25 | $52.56 | $55.19 | $57.95 |
| 2 in. | $74.81 | $79.51 | $83.49 | $87.67 |
| 3 in. | $142.97 | $151.35 | $158.92 | $166.87 |
| 4 in. | $219.65 | $232.18 | $243.79 | $255.98 |
| 6 in. | $432.65 | $456.70 | $479.54 | $503.52 |
| 8 in. | $688.25 | $726.13 | $762.44 | $800.57 |
| 10 in. | $1,071.65 | $1,130.26 | $1,186.78 | $1,246.12 |
| 12 in. | $1,838.45 | $1,938.54 | $2,035.47 | $2,137.25 |
| 16 in. | $3,201.65 | $3,375.47 | $3,544.25 | $3,721.47 |

| Mga Rate ng Volumetric na Tubig (1 unit ng tubig = 1 Ccf = 748 galon) | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Kasalukuyan | Ipinapanukala | | |
| | FYE 2023 | FYE 2024 | FYE 2025 | FYE 2026 |
| **Residensyal na may Isang Pamilya - Tubig kada yunit** | | | | |
| Unang 4 na yunit kada buwan (Tier 1) | $9.60 | $10.33 | $10.85 | $11.40 |
| Lahat ng dagdag na yunit (Tier 2) | $10.71 | $11.47 | $12.05 | $12.66 |
| **Residensyal na may Maramihang Pamilya - Tubig kada yunit** | | | | |
| Unang 3 yunit kada yunit ng tirahan kada buwan (Tier 1) | $9.60 | $10.19 | $10.70 | $11.24 |
| Lahat ng dagdag na yunit (Tier 2) | $10.76 | $10.94 | $11.49 | $12.07 |
| **Hindi Residensyal - Tubig kada yunit** | | | | |
| Para sa lahat ng yunit ng tubig | $10.55 | $11.12 | $11.68 | $12.27 |
| **Serbisyo para sa Hindi pa Nalinis na Tubig** | | | | |
| Para sa lahat ng yunit ng tubig | $0.95 | $1.80 | $1.89 | $1.99 |

| Mga Panukalang Rate ng Maruming Tubig (1 unit ng tubig = 1 Ccf = 748 galon) | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Kasalukuyan | Ipinapanukala | | |
| | FYE 2023 | FYE 2024 | FYE 2025 | FYE 2026 |
| **Buwanang Singil sa Serbisyo para sa Maruming Tubig** | $5.21 | $4.85 | $5.28 | $5.76 |
| **Residensyal - Na-discharge na maruming tubig kada yunit** | | | | |
| Para sa lahat ng discharge unit | $15.97 | $16.91 | $17.80 | $18.72 |
| **Hindi Residensyal - Na-discharge na maruming tubig kada yunit** | | | | |
| Volume kada discharge unit | $9.46 | $9.74 | $10.09 | $10.43 |
| Chemical Oxygen Demand per lb. | $0.647 | $0.861 | $0.925 | $0.994 |
| Kabuuang Suspended Solids per lb. | $1.647 | $1.681 | $1.808 | $1.944 |
| Langis at Grasa kada lb. | $1.661 | $1.053 | $1.142 | $1.239 |

| Mga Panukalang Rate ng Singil para sa Runoff ng Tubig-ulan | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Buwan-buwan bawat Assessor Parce | Kasalukuyan | Ipinapanukala | | |
| | FYE 2023 | FYE 2024 | FYE 2025 | FYE 2026 |
| **Residensyal (6,000 sq. ft. pababa/anim na yunit tirahan pababa)** | | | | |
| Tier 1: 0-1,700 sq. ft. | N/A | $2.31 | $5.04 | $8.24 |
| Tier 2: 1,701-3,300 sq. ft. | N/A | $3.60 | $7.84 | $12.82 |
| Tier 3: 3,301-6,000 sq. ft. | N/A | $5.41 | $11.79 | $19.27 |
| **Hindi Residensyal (Lahat ng iba pang kustomer)** | | | | |
| $/1000 sq. ft. Permeable | N/A | $0.19 | $0.41 | $0.67 |
| $/1000 sq. ft. Hindi Permeable | N/A | $1.89 | $4.11 | $6.72 |

| Mga Panukalang Rate ng Serbisyo para sa Sunog (Bawat Serbisyo) | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Kasalukuyan | Ipinapanukala | | |
| | FYE 2023 | FYE 2024 | FYE 2025 | FYE 2026 |
| **Buwanang Singil sa Pribadong Serbisyo para sa Sunog** | | | | |
| 1 in. | $9.55 | $8.43 | $8.86 | $9.31 |
| 1-1/2 in. | $12.45 | $8.91 | $9.36 | $9.83 |
| 2 in. | $15.93 | $9.73 | $10.22 | $10.74 |
| 3 in. | $25.21 | $12.70 | $13.34 | $14.01 |
| 4 in. | $35.65 | $17.82 | $18.72 | $19.66 |
| 6 in. | $64.65 | $36.19 | $38.00 | $39.90 |
| 8 in. | $99.45 | $67.88 | $71.28 | $74.85 |
| 10 in. | $151.65 | $115.55 | $121.33 | $127.40 |
| 12 in. | $256.05 | $181.62 | $190.71 | $200.25 |

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa **sfpuc.org/2023Rates**. Sumangguni sa pinakabago mong bill para makuha ang laki ng inyong metro at paggamit ng tubig (kada buwan).

feet o may mahigit sa anim na matitirhang yunit) batay sa kabuang surface na permeable at hindi permeable. Puwedeng makasipsip ng tubig ang mga permeable surface, gaya ng mga planter at damuhan, maliban kung may malalaking bagyo. Ang mga hindi permeable na lugar, gaya ng mga daanan at bubong, at direktang pinapadaloy ang tubig papunta sa—at nangangailangan ng mas malaking gastos sa—sistema ng sewer. Pinupunan ng mga singil para sa tubig-ulan ang gastos sa mga imprastruktura at tubig-ulan na bahagi ng pinagsamang sistema.

**Ang mga singil sa serbisyo ng sprinkler para sa sunog** ay para sa mga ari-arian na may mga sprinkler para sa sunog o mga standpipe. Kinakalkula ang mga singil na ito para punan ang mga gastos para sa customer service, billing, at pagpapanatili na partikular sa mga pribadong metro para sa sunog.

## Mga Volumetric Rate: Mga Residensyal na Kustomer

**Sinisingil ang mga residensyal na rate ng tubig** batay sa nagamit na tubig batay sa metro at may dalawang tier. Para sa mga ari-arian ng isang pamilya, sinisingil ang unang apat na yunit ng tubig kada buwan sa rate ng unang tier, at sinisingil ang anumang karagdagang yunit sa rate ng pangalawang tier. Para sa mga residensyal na ari-arian ng maramihang pamilya, sinisingil ang unang apat na yunit ng tubig kada buwan sa rate ng unang tier, at sinisingil ang anumang karagdagang yunit sa rate ng pangalawang tier. May mas mataas na yunit rate ang pangalawang tier para ipakita ang mga dagdag na gastos na kinakailangan para maaasahang makapagbigay ng serbisyo sa mga user na may mataas na volume nang 24/7.

**Sinisingil ang mga residensyal na rate ng tubig** batay sa tinayang volume ng tubig na bumabalik sa sistema ng sewer. Ang default na volume para sa mga tirahan ng isang pamilya ay 90% ng paggamit ng tubig; ang default para sa mga tirahan ng maramihang pamilya ay 95% ng paggamit ng tubig. Sinisingil sa parehong rate ang lahat ng yunit sa pag-discharge ng maruming tubig.

## Mga Volumetric Rate: Mga Hindi Residensyal na Kustomer

**Sinisingil ang mga hindi residensyal na rate ng tubig** batay sa nagamit na tubig batay sa metro. Walang tier para sa mga hindi residensyal na kustomer.

**Magkakaiba ang mga hindi residensyal na rate ng maruming tubig** batay sa volume na mga pollutant na makikita sa discharge ng iba't ibang uri ng kustomer. Bilang resulta, may apat na bahagi ang mga rate na makikita sa talahanayan: isang volumetric na singil na batay sa 90% ng siningil na konsumo ng tubig ng kustomer at tatlong singil sa lakas batay sa konsentrasyon ng mga pollutant sa discharge ng maruming tubig ng kustomer. Nakabatay ang mga konsentrasyon sa uri ng negosyong pinatakbo sa address ng serbisyo. Pumunta sa aming website sa **sfpuc.org/2023Rates** para tingnan ang dami ng mga pollutant kada yunit ng maruming tubig para sa uri ng inyong negosyo.

## Surcharge para sa Pansamantalang Tagtuyot

Ang surcharge para sa tagtuyot ay isang pansamantalang singil na ipinapataw lang kapag ipinatupad na ng Komisyon ng SFPUC ang Contingency Plan ng SFPUC para sa Kakapusan ng Tubig, na hinihiling sa mga kustomer na bawasan ang paggamit ng tubig. Kapag naipatupad na, magdudulot ang surcharge para sa tagtuyot ng pagtaas sa mga volumetric na rate ng tubig at maruming tubig para sa lahat ng uri ng kustomer hanggang sa mga porsyentong ipinapakita sa talahanayan sa kanan. Kinakalkula ang mga porsyentong ito para punuan ang mga gastos batay sa mga nabawasang siningil na volume.

Bilang halimbawa, kung nagdeklara ang Komisyon ng Yugto 1 na tagtuyot, na hinihiling sa mga kustomer na bawasan ang kanilang pagkonsumo ng tubig nang 10%, susuriin ng SFPUC ang tinatayang nabawasang siningil na volume at magtatakda ng surcharge ng tubig at maruming tubig para sa tagtuyot nang hanggang 10%. Para sa tubig, ilalapat ang 10% pansamantalagang surcharge na ito sa mga tier rate para sa mga residensyal na kustomer ng tubig at sa volumeric rate kada yunit para sa mga hindi residensyal na kustomer. Para sa sewer, ilalapat ang surcharge na ito sa volumetric rate kada yunit ng discharge ng maruming tubig para sa mga residensyal at hindi residensyal na kustomer, pati na rin ang rate kada pound ng mga pollutant para sa mga hindi residensyal na kustomer.

Posibleng itakda ng SFPUC ang surcharge ng porsyento na mas mababa kaysa sa ipinapakita sa talahanayan sa ibaba para tiyakin na hindi lumalampas ang mga rate sa mga presyo ng pagbibigay ng mga serbisyo ng tubig at maruming tubig sa mga kustomer.

| Yugto ng Contingency Plan para sa Kakapusan ng Tubig | Target na Pagbawas sa Paggamit ng Tubig | Surcharge sa mga Volumetric Rate ng Tubig at Maruming Tubig para sa Tagtuyot |
|---|---|---|
| Stages 1 - 3 | 5% | Up to 5% |
| Stage 4 | 5-18% | Up to 18% |
| Stage 5 - 6 | 18-32% | Up to 32% |

## Mga Paraan para Makatipid

Nagbibigay ang SFPUC ng iba't ibang rebate, programa, at insentibo para tulungan ang mga kustomer na mapababa ang kanilang bill. Matuto pa sa **sfpuc.org/2023Rates** o tumawag sa (415) 551-3000.

## Binago Abiso ng Pampublikong Pagdinig tungkol sa Mga Panukalang Rate ng Tubig at Sewer

### Pagpupulong ng Komisyon ng Mga Pampublikong Utility ng S.F.
### Binagong Petsa ng Pagdinig: Mayo 23 sa 1:30pm
### San Francisco City Hall, Room 400
### 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place

Ito ang pangalawang abiso tungkol sa mga iminungkahing rate ng tubig at imburnal na ito. Ang petsa ng pagpupulong para sa pagdinig sa rate ay na-reschedule sa Mayo 23, 2023, sa 1:30 pm. Walang ibang pagbabagong ginawa sa mga iminungkahing rate.

Alinsunod sa Artikulo XIII D, Seksyon 6, ng Konstitusyon ng California (kilala rin bilang Proposition 218), may karapatan kang magsumite ng isang nakasulat na pagtutol laban sa mga panukalang rate ng tubig at sewer. Hindi magkakabisa ang mga panukalang pagtaas ng rate kung nakatanggap ang SFPUC ng mga nakasulat na pagtutol mula sa karamihan ng mga apektadong may-ari ng ari-arian at kustomer.

Kailangang ipadala ang mga nakasulat na protesta sa Kalihim ng Komisyon ng SFPUC sa address sa ibaba o personal itong dalhin sa Kalihim ng Komisyon sa pampublikong pagdinig sa Mayo 9, 2023 para maibilang. Hindi puwedeng ipadala ang mga pagtutol sa pamamagitan ng elektroniko o nang berbal. Anumang nakasulat na pagtutol ay kailangang: 1) ipahayag na tumututol ang tinukoy na may-ari ng ari-arian o kustomer sa mga panukalang pagtaas ng rate; (2) ibigay ang lokasyon ng tinukoy na lupa (batay sa numero ng lupa mula sa assessor, address ng kalye, o account ng kustomer); at (3) ilagay ang pangalan at lagda ng taong nagsusumite ng protesta. Bagama't hindi kuwalipikado ang mga berbal na komento sa pampublikong pagdinig bilang pormal na pagtutol maliban kung may kasamang nakasulat na pagtutol, tatanggapin ng SFPUC ang input ng komunidad sa pampublikong pagdinig tungkol sa mga panukalang rate ng tubig at sewer. Isang pagtutol lang ang puwede iparehistro kada ari-arian.

### Ipadala ang mga Pagtutol sa:
### SFPUC Commission Secretary
### 525 Golden Gate Avenue, 13th Floor
### San Francisco, CA 94102

**Sa ilalim ng Batas ng Pamahalaan ng California seksyon 53759, may 120 araw na statute of limitations para kuwestiyunin ang anumang bago, pinataas, o pinatagal na bayarin o singil. Nalalapat ang statute of limitations na ito sa mga panukalang rate at singil ng serbisyo ng tubig at sewer sa abisong ito. Nalalapat din ito sa mga singil sa hinaharap para sa mga rate at singil sa tubig at sewer.**

## Pinapahalagahan namin ang inyong input.

Kung mayroon kayong mga tanong o gusto ng karagdagang impormasyon, pumunta sa **sfpuc.org/2023Rates** o mag-email sa ratesinfo@sfwater.org.

Regular na nagsasagawa ang SFPUC ng mga pag-aaral ng rate para matiyak na ipinapakita ng mga rate na siningil ng mga kustomer ang totoong gastos sa pagbibigay ng aming mga serbisyo. Pagkatapos ay nagpapanukala sila ng mga pagbabago para matiyak na patas na isinaalang-alang ang lahat ng kustomer, nagbibigay ng tuloy-tuloy na serbisyo, natutugunan ang mahihigpit na regulasyon sa kalikasan, at pangmatagalang napapanatili ang pinansyal na kakatagan ng aming mga asset at sistema.